# HALINA ESPIRITU SANTO, HALINA
## The Lord's FlockWorship Service Topic

Ni: Techie Rodriguez, Elder-Founder

Mayo 23, 2026

Ang paghihiwalay sa taong mahalaga sa atin ay nagdudulot ng mabigat na damdamin – kalungkutan/matinding dalamhati. Ang mga alagad ay lubusang nawalan ng pag-asa dahil pagkatapos nilang sumunod sa Panginoon at maraming natutunan mula sa Kanya, iniwan Niya sila para bumalik sa Ama (Gawa 1). Gayunpaman, binigyan sila ng assurance ng Panginoon – tatanggap sila ng kapangyarihan sa pagbaba sa kanila ng Espiritu Santo, at lagi silang sasamahan.




1. **Sinabi ni Jesus na iiwanan na Niya ang mga alagad (Jn. 14: 1-6).**
   - 1.1. Ang Panginoon ay nanatili ng 40 araw bago Siya umakyat sa langit, ginamit ang mga pagkakataon upang patibayin ang Kanyang mga turo at ihanda ang mga alagad sa mga darating na mga pagsubok (Acts 1:4-5).
   - 1.2. Sinabi Niya sa kanila na maghintay sa Jerusalem at manatili doon hanggang dumating ang Espiritu Santo, "Isusugo Ko sa inyo ang ipinangako ng Aking Ama, kaya't huwag kayong aalis sa Jerusalem hangga't hindi kayo napagkakalooban ng kapangyarihan mula sa langit" (Lk. 24:48-49).
     - 1.2.1. *"Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo" (*Gawa 1:8).
     - 1.2.2. *"Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi Ko sa inyo"* (Juan 14:26).
   - 1.3. Gayundin, ngayon, kung tatanggapin natin ang Espiritu Santo, tatanggapin din natin ang parehong kapangyarihan. Higit pa rito ang ibibigay Niyang kaginhawaan, karunungan at gabay. Kaya, lumakad tayo sa Espiritu upang malabanan ang tukso ng laman.
   - 1.4. Kung tayo'y ipinadala, sinasamahan tayo ng mga blessings/anointing ng Panginoon. Hindi tayo maaaring pumunta na lang sa sariling paraan.
2. **Sa Jerusalem unang nangyari ang Baptism of the Holy Spirit bilang katuparan ng propesiya (Gawa 2).**
   - 2.1. Ang pagbuhos ng Espiritu Santo ay kasama ang gift of tongues. Nagsasalita sila sa iba't ibang wika; narinig at naintindihan sila.
   - 2.2. Sa gabay ng banal na Espiritu Santo, nag-ayuno ang mga pinuno ng simbahan, nanalangin at ipinatong ang mga kamay kina Pablo at Barnabas para sa kanilang first missionary journey (Gawa 13:3).
   - 2.3. Nagiging kasapi tayo ng simbahan sa pagtanggap ng Sakramento ng Binyag at nalilinis tayo mula sa original sin.
   - 2.4. Sa kabilang banda, ang Baptism sa Holy Spirit ay hindi sakramento:
     - 2.4.1. It o ay Pentecostal experience.
     - 2.4.2. It o ay dasal para makapag-lead ang tao.
     - 2.4.3. Ito ay pagsasariwa ng mga pangako sa Binyag.
     - 2.4.4. Ito ay naghahanda sa mga tao para sa gawain ng paglilingkod, para ang katawan ni Kristo ay tumibay.
3. **Paano natin tinatanggap ang Holy Spirit?**
   - 3.1. Ang Kaharian ng Diyos ay nasa atin, kung hahayaan natin Siyang pamunuan ang ating buhay. Dapat tayong magsisi at tanggapin si Jesus (Gawa 2:38-39).
   - 3.2. Hilingin natin sa Banal na Espiritu na bibigyan Niya tayo ng mga kaloob to enable us. *"Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob"* (1Cor.12;1Cor. 14:15).
   - 3.3. Hayaan nating gabayan tayo ng Banal na Espiritu. Siya ay nakahihigit sa lahat. Binibigyan Niya ng kapangyarihan ang komunidad. Nalulungkot Siya kung naaantala tayo, kung hindi tayo sumusunod o tumitigil tayo sa paggawa.
   - 3.4. Binibigyan Niya tayo ng karunungan para malaman ang tamang desisyon. Kaya, kung hindi natin pinapayagan ang Banal na Espiritu na manguna sa atin, mabibigo tayo.
   - 3.5. Hinahadlangan natin ang Espiritu kung di natin ginagamit ang Kanyang kaloob.
   - 3.6. Mga manifestations ng Holy Spirit: init na naglilinis; tubig na re-refresh; lamig; pangitain; luha; speaking in tongues; peace (Mk. 16:17).
4. **Ano ang mga resulta ng pagbaba ng the Holy Spirit?**
   - 4.1. Naging matapang ang mga alagad.
   - 4.2. Nagkaroon sila ng kapangyarihan (Jn. 14:12-15).
   - 4.3. Naging bahagi sila ng katawan ni Kristo.
5. **Anong mangyayari kung tatanggapin natin ang Banal na Espiritu?**
   - 5.1. Nagiging bagong tao tayo.
   - 5.2. Tatanggapin natin ang Bunga ng Espiritu: *pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan*…(Gal. 5:22).
   - 5.3. Witness tayo sa manifestation ng gifts of the Holy Spirit na ibinigay para sa kapakanan ng lahat: *karunungan, pang-unawa, pagpapayo, katatagan, kaalaman, kabanalan, banal na takot sa Diyos* (1 Cor. 12:8-11).

**Konklusyon:** Ang pagbaba ng Holy Spirit noong Pentecost ay para panibaguhin Niya tayo, upang gisingin ang buong simbahan, upang bigyan tayo ng kapangyarihan gawin ang misyon ng Diyos sa atin.

**Pagninilay:** Anong kaloob ng Banal na Espiritu ang gusto mong hilingin?


**SCRIBES Ministry**
Transcribed by: Sis Nida Cruz
Edited by: Sis Vera Tuplano
Tags: #HolySPirit
https://lordsflock.org/teachings/digestshttps://www.facebook.com/share/v/1CyKGEKaRh/